# Pagsusuri sa Kabisaan ng Paggamit ng Strategic Intervention Material (SIM) sa Pag-unlad ng Marka ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Jacobo Z. Gonzales Memorial NHS



**EILYN PEARL N. NAVISAGA**
Teacher III
Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School

**ABSTRACT**

Natiyak sa pag-aaral na ito ang kabisaan ng paggamit ng *Strategic Intervention Material* (SIM) sa pag-unlad ng marka ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School. Binibigyang-tugon ng pag-aaral na ito ang *Republic Act No. 10533 seksiyon 10.3.( Production and Development of Materials. The production and development of locally produced teaching and learning materials shall be encouraged. The approval of these materials shall be devolved to the regional and division education unit in accordance with national policies and standards)* sa pagpapaunlad ng marka ng mga mag-aaral gamit ang nabuong SIM.

Gumamit ng *purposive sampling* upang matukoy ng mananaliksik ang mga mag-aaral na nakakuha ng markang 75-79 sa Ikalawang Markahan sa Asignaturang Filipino sa Baitang Pito ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School bilang mga kalahok sa pag-aaral. Magiging batayan ang resulta ng marka sa Ikalawang Markahan sa pagpili sa kanila. Apatnapung (40) mag-aaral mula sa Ikapitong Baitang ang lumahok sa pag-aaral na ito. Gumamit ang mananaliksik ng *empirical means* gaya ng *Mean Percentage Score* at *non-parametic statistics* gaya ng *Wilcoxon Signed- Rank Test* upang malaman kung may pagkakaiba sa iskor sa Pauna at Panapos na Pagsusulit. Lumabas sa pag-aaral na malaking pagkakaiba sa iskor ng mga mag-aaral na may *mean value* na 18.18 at 29.35 sa Pauna at Panapos na Pagsusulit, at may *Mean Percentage Score* na 45.44 (*average*) at 73.38.

Mataas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa Panapos na Pagsusulit kumpara sa nakuha nila sa Paunang Pagsusulit.Nangangahulugan lamang ito na nakatutulong ang paggamit ng SIM sa pagkatuto ng mga mag-aaral at makatutulong ito sa pag-unlad ng kanilang marka.

***Keyword***: *Strategic Intervention Material*

**INTRODUCTION**

Marahil ay pamilyar ang bawat isa sa atin sa lumang kasabihang, *"Give a man a fish and he eats for a day. Teach him how to fish and he eats for a lifetime."* Ngunit kailangang isaalang-alang ang iba't ibang bagay kaugnay nito. Halimbawa na lang ay ang panahon ng pangingisda, sapat ba ang mga kagamitan sa pangingisda, lokasyon o lugar pangisdaan, mga pain upang makahuli, kakompetensiya sa paligid, at iba pa? Ito ay maaaring gamiting metapora sa kasabihang, *"Better learning will not come from finding better ways for the teacher to instruct, but from giving the learner better opportunity to construct* (Papert, 1990)*."* Ang modernong pagtanaw ngayon na mabisang pagkatuto ay hindi lang nakasalalay sa pagtuturo ng guro, kundi sa pamamaraan na rin ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Higit na mahalaga kung matutuhan ng mga mag-aaral kung paano matuto habang ang guro naman ang magsisilbing *facilitator* o tagapagdaloy ng proseso ng pagkatuto (Oxford, 1990).

Bigyang-pansin at ikonsidera rin ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ilan sa mga estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pagbuo ay ang pagtatala (*notetaking*), panayam (*interview*), obserbasyon, pagsasagawa ng sarbey, pananaliksik at paggawa ng *journal* o talaarawan (*diary*). Idagdag pa rito ang *clarification*, *verification* at *correction*, gayundin ang *brainstorming*, pagbuo ng *semantic map* o pagpuno sa *graphic organizer*.

Hindi mapabubulaanang sa alinmang konseptong umiinog kaugnay ng makabuluhang pagkatuto, isinasaalang-alang ang mga mag-aaral.

Mahalagang mapag-aralan rin ng bawat guro ang iba't ibang kultura (multikultural) ng mga mag-aaral, matuklas ang *socioeconomic profile*, mga posibleng naranasang diskriminasyon, pag-*adjust* sa bagong kapaligiran at pakikisama sa klase. Dala rin ng pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya, ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay umaasa na sa *internet* na kung saan nasasapawan na ang kabuluhan ng paghahanda ng mga guro. Kaya, napakahalaga ng pagtatasa ng mga guro sa mga estilo at estratehiyang akma o naaayon sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral.

Tinatanaw sa kasalukuyan ang pag-aaral o paraan ng pagkatuto bilang "*student-centered*" at taliwas na sa konsepto ng "*spoon feeding*" na kung saan ang guro ang tagapagbigay lamang ng mga karunungan o impormasyon. Ang mag-aaral mismo ang tutuklas, bubuo at magsasakatuparan sa kaniyang mga adhikain sa buhay. Ayon nga kay Carl Rogers, "*We cannot teach another person directly; we can only facilitate his learning.*" Ito ang magbubunsod o magbibigay-direksiyon upang maging *lifelong learner* ang mga mag-aaral.

Ang Baitang Pito ay lebel kung saan ang mga mag-aaral mula sa elementarya ay nakararanas ng transisyon sa kanilang pag-aaral. Sa baitang na ito ay nagkakaroon sila ng *culture shock*, naninibago sa kanilang kapaligiran, nakabubuo ng panibagong pakikisamahan, at marami pang ibang bagong karanasan na bahagi ng kanilang unang taon sa *Junior High School.*

Ang mga pagbabagong nabanggit ay nakaaapekto nang bahagya sa kanilang marka. Ang ilan ay nahihirapang gumawa dahil sa kakulangan ng oras, nadagdagan ang kanilang pinag-aaralan, at ang iba'y nagkaroon ng pinansiyal na pangangailangan dahil malayo ang paaralan sa kanilang tinitirhan.

Hindi lamang mag-aaral ang nakararanas ng pagbabago. Maging ang mga guro ay kailangang sumabay sa pagbabagong nagaganap. Alam natin na karamihan sa mag-aaral ay sumailalim sa dalawang taong *Modular Distance Learning* (MDL). Nairaos

man ang pag-aaral ay hindi lingid sa atin na may mga mag-aaral na lumipat sa susunod na baitang nang hindi lubos na nakaunawa sa mga araling batay sa kompetensi at nararapat na matutuhan.

Ang Aksiyong Saliksik na ito ay naglalayong mapaunlad ang marka ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School sa pamamagitan ng paggamit ng ihahandang *Strategic Intervention Material* sa Filipino 7.

Ang Aksiyong Saliksik na ito ay isinagawa at natamo ang sumusunod na layunin:

1. Natukoy ang mga mag-aaral na nakakuha ng mababang marka sa Ikalawang Markahan.

2. Nakabuo ng *Strategic Intervention Material* sa Filipino 7 sa mga araling may *Least Mastered Competency* sa Ikalawang Markahan upang magamit ng mga mag-aaral sa Baitang Pito ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School.

3. Nahikayat ang mga kapwa guro na magpatuloy sa pagtuklas ng mga makabagong estratehiya at teknik sa pagtuturo lalo na sa makabagong panahon.

## METHODOLOGY


Ang Aksiyong Saliksik na ito ay naglalayong mapaunlad ang marka ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School sa pamamagitan ng paggamit ng ihahandang *Strategic Intervention Material* sa Filipino 7.

Lumikha ang mananaliksik ng *Strategic Intervention Material* (SIM) na tumutugon sa nakasaad sa *Republic Act No. 10533 seksiyon 10.3.( Production and Development of Materials. The production and development of locally produced teaching and learning materials shall be encouraged. The approval of these materials shall be devolved to the regional and division education unit in accordance with national policies and standards).*

Pangunahing inobasyon sa pag-aaral na ito ay ang paggamit ng SIM sa Asignaturang Filipino. Bumuo ang mananaliksik ng SIM ng mga araling nasa *Least Mastered Competency*. Ito ay sinuri ng dalawang Dalubguro at isang Ulongguro sa Departamento ng Filipino.

Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong pamamaraan sa pagbuo ng talatanungan at ipinasuri sa mga dalubhasang guro. Mayroong apat na pung (40) mag-aaral ang lumahok sa pag-aaral na ito na dumaan sa Pauna at Panapos na Pagsusulit.

Ang binuong SIM ng mananaliksik ay maaaring gamitin ng ibang guro sa Filipino 7 at maaari ring gawing batayan ng ibang guro upang makabuo sila ng sariling SIM sa kanilang asignatura.




## RESULTS

### 1. Ano-ano ang mga *Least Mastered Competency* sa Filipino Baitang 7 sa Ikalawang Markahan?

**LEAST LEARNED COMPETENCIES REMEDIATION REPORT**
**SECOND QUARTER**
**S.Y. 2022-2023**

| | | | |
|---|---|---|---|
| DEPARTMENT: | FILIPINO 7 | DATE: | 01/31/2023 |
| TEACHER: | GRADE 7 | QUARTER: | SECOND |
| | | | |
| LEAST LEARNED COMPETENCIES: | | | CODE |
| Naipaliliwanag ang kaisipang nais iparating ng napakinggang bulong at awiting bayan. | | | F7PN-1la-b-7 |
| Nasusuri ang antas ng wika batay sa pormalidad na ginagamit sa pagsulat ng awiting bayan. | | | F7WG-1la-b-7 |
| Nabubuo ang sariling paghatol o pagmamatuwid sa ideyang nakapaloob sa akda na sumasalamin sa tradisyon ng mga Bisaya | | | F7PB-IIa-b-7 |

**2. Ano ang nakuhang *score* ng mga mag-aaral sa *pre-test* bago ang interbensyon?**

**3. Ano ang nakuhang *score* ng mga mag-aaral sa *post-test* pagkatapos ng interbensyon?**

**Talahanayan 1**
**Iskor ng mga mag-aaral sa Pauna at Panapos na Pagsusulit**

| | Pre-test | | Post-Test | |
|---|---|---|---|---|
| Scores | Frequency | Percentage | Frequency | Percentage |
| 36-40 | 0 | 0% | 3 | 7.5% |
| 31-35 | 0 | 0% | 14 | 35% |
| 26-30 | 3 | 7.5% | 14 | 35% |
| 21-25 | 6 | 15% | 8 | 20% |
| 16-20 | 18 | 45% | 1 | 2.5% |
| 11-15 | 13 | 32.50% | 0 | 0% |
| 6-10 | 0 | 0% | 0 | 0% |
| 1-5 | 0 | 0% | 0 | 0% |
| **TOTAL** | **40** | **100%** | **40** | **100%** |

Sa talaan, makikita natin na ang may pinakamataas na bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng mataas na iskor sa pre-test ay nasa hanay ng score na 16-20 na may halos kalahating porsiyento (45%), samantalang ang may pinakamataas na bilang ng mga mag-aaral naman na nakakuha ng pinakamataas na iskor sa post-test ay nasa hanay ng score na 26-30 (35%) at 31-35 (35%) na may kabuuang 70%. Nangangahulugan lamang ito na mas mataas ang mga iskor sa post-test kaysa sa pre-test.

**4. Nagkaroon ba ng makabuluhang pagkakaiba sa *score* ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral bago at pagkatapos isagawa ang interbensiyon?**

**Talahanayan 2**

**Mean Percentage Score of the Pre-test and Post-test of the Respondents**

| Pre-test | | Verbal Interpretation | Post-test | | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Mean | MPS | | Mean | MPS | |
| 18.18 | 45.44 | Average | 29.35 | 73.38 | Moving Towards Mastery |

| | |
|---|---|
| 96-100% | Mastered |
| 86-95% | Closely Approximating Mastery |
| 66-85% | Moving Towards Mastery |
| 35-65% | Average |
| 15-34% | Low |
| 5-14% | Very Low |
| 0-4% | Absolutely No Mastery |

Mula sa mga resultang inilatag sa Talahanayan 2, makikita ang pag-unlad ng iskor ng mga mag-aaral sa Pauna at Panapos na Pagsusulit na may *mean value* na 18.18 at 29.35, at *Mean Percentage Score* na 45.44 (average) at 73.38 (moving towards mastery).

Nagpapatunay lamang na tumaas ang iskor ng mga kalahok sa Panapos na Pagsusulit kumpara sa Paunang Pagsusulit. Mahihinuha na ang paggamit ng SIM bilang karagdagang kagamitang pampagtuturo ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3**

**Test of Significant Difference Between the Pre-test and Post-test of the Respondents**

| Variables | Median | Z | p-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Pre-test | 18 | 5.57 | 0.001 | Significant |
| Post-test | 30 | | | |

*Significant at .05 level*

**Interpretation:** Wilcoxon Signed-Rank Test revealed that the post-test scores were significantly higher after the intervention *(Md = 30.00)* compared to the pre-test scores *(Md = 18.00), z = 5.57, p = 0.001.*

Sa talahanayan gamit ang *Wilcoxon Signed-Rank Test*, makikita na ang *median score* ay tumaas mula 18 patungong 30. Nangangahulugan lamang na mas mataas ang nakuhang iskor ng mga kalahok sa Panapos kumpara sa Paunang Pagsusulit. Batay sa ipinakitang resulta na ang *p-value* ay mas mababa sa .05 *alpha level of significance* na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng mga kalahok sa Pauna at Panapos na Pagsusulit.

**ACKNOWLEDGEMENTS**

Nais pasalamatan ng mananaliksik ang mga sumusunod:

**G. Oliver P. Caliwag**, nagdaang Punungguro ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School, na pinayagan ang mananaliksik na maisakatuparan ang pag-aaral na ganito sa paaralan.

**Gng. Mildred Diche-Diña**, kasalukuyang Punungguro ng Jacobo Z. Gonzales Memorial National High School, upang maipagpatuloy ang pag-aaral na ito.

**Gng. Maribel L. Nayad**, ang *research coordinator* ng JZGMNHS para sa kaniyang paggabay at tulong upang mabuo ang pag-aaral na ito.

**Gng. Janice A. Hernandez**, *research statistician* ng JZGMNHS para sa kaniyang paggabay simula *proposal* hanggang mabuo ang pag-aaral na ito at sa pagsasagawa ng pamamaraang istadistika.

**Gng. Mercedita F. Espino**, **G. Sumsabalip A. Alatiit**, at **G. Charlie B. Belgira**, na nagsilbing balideytor at naglaan ng kanilang oras upang mapaganda at maging maayos ang pag-aaral na ito.

Sa mga **mag-aaral** na lumahok at sa kanilang mga **magulang** na pumayag upang maging bahagi ng pag-aaral na ito.

Higit sa lahat, sa **Poong Maykapal** na gumabay sa mananaliksik sa bawat proseso ng pag-aaral na ito.

**REFERENCES**

Badayos, P.B. (2000). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Makati City: Grandwater Publications.

Bersales, R.A. at Villafuerte, P. (2008). Pagtatasa ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Valenzuela City: MJPI Mega-Jesta Prints Inc.

DO 42, s. 2016. Policy Guidelines on Daily Lesson Preparation for the K to 12 BEC

DO 53, s. 2016. Lifting of the Moratorium on the Supplementary Reading Reference and other Instructional Materials

Oxford, Rebecca L. (1990). Language Learning Strategies What Every Teacher Should Know. USA: Heinle Publishers Wadsworth, Inc.